7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Linggo 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education**
**Kuwarter 1: Linggo 5**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Josephine G. San Gabriel |
| **Content Reviewer:** | Edita T. Olan |
| **Tagaguhit:** | Jeewel L. Cabriga |
| **Tagalapat:** | Allan E. Medenilla, Michael James S. Boado, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Victoria R. Landicho |
| **External Content Validators:** | Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez |
| **External Language Validators:** | Corazon G. Are |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtitipid at pag-iimpok bilang sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakapagpapakita ng kakayahan sa pagtitipid at pagbuo ng badyet sa pamamagitan ng praktikal na mga gawain at tunay na mga sitwasyon, na naglalayong palakasin ang responsableng pamamahala ayon sa kanilang sariling kakayahan. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Mabuting katiwala (Good stewardship) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nakapagsasanay ng pananampalataya sa pagiging mabuting katiwala sa pamamagitan ng maingat na pamamahala sa lahat ng bagay upang mapakinabangan hindi lamang ng sarili kundi pati na rin ng kapwa at pamayanan.<br>A. Nakapag-uugnay sa kahalagahan ng pagtitipid at pag-iimpok sa sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos.<br>B. Naipaliliwanag na ang pagtitipid at pag-iimpok bilang sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos ay pagiging mabuting katiwala ng mga kaloob niya na magagamit sa pagtulong sa kapwa at pamayanan.<br>C. Naisasakilos ang pagtitipid at pag-iimpok upang tulungan ang kapuwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan. | | | |
| *E. Mga Layunin* | a. Nakikilala ang kahalagahan ng pagtitipid at pag-iimpok.<br>b. Naipaliliwanag na ang pagtitipid at pag-iimpok bilang sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos ay pagiging mabuting katiwala ng mga kaloob Niya | c. Nakapag-uugnay sa kahalagahan ng pagtitipid at pag-iimpok sa sariling pangangasiwa sa mga biyaya ng Diyos.<br>d. Nasusuri ang mga sitwasyon kung saan ang pagtitipid at pag- iimpok ay magagamit sa pagtulong sa | e. Nakagagawa ng mga personal na hakbang upang tulungan ang kapuwa at pamayanan sa pamamagita n ng pagtitipid at pag-iimpok. | f. Nakagagawa ng pagsasakilos upang tulungan ang kapuwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan ng pagtitipid at pag-iimpok.<br>g. Naisasakilos ang pagtitipid at pag- iimpok upang tulungan ang kapuwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | na magagamit sa pagtulong sa kapuwa at pamayanan. | kapuwa at pamayanan. | | |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Integrative | | | |
| *G. 21st Century Skills* | Communication | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pagtitipid at Pag-iimpok Bilang Sariling Pangangasiwa sa mga Biyaya ng Diyos** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Edukasyon sa Pagpapakatao 9- Qtr 3 Modyul 11: "Kasipagan, Pagpupunyagi,Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok" | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | • *Slides*<br>• *Laptop/TV*<br>• *Worksheet*<br>• *Manila paper,*<br>• *Marker* | • *Worksheet*<br>• *Slides*<br>• *Laptop/TV*<br>• *Rubriks* | • *Slides*<br>• *Laptop/TV*<br>• *Worksheet* | • *Worksheet*<br>• *Slides*<br>• *Laptop/TV*<br>• *Rubriks* |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Sa pamamagitan ng REBUS puzzle mula sa Gawain 1 sa worksheet, bubuoin ng mag-aaral ang salita batay sa larawan na nakikita. Gamitin ang pangalan sa Ingles/Filipino ng mga larawan at pagdugtungin ang bawat | Sa gawaing ***CLOSE o OPEN,*** tutukuyin ng mag- aaral kung nagpapakita ng pag-iimpok o pagtitipid ang ipapakitang pahayag sa *slides* ng guro.Isulat ang ***OPEN*** kung nagpapakita ng pagtitipid o pag- iimpok. | Sa pamamagitan ng *slides* na ipapakita ng guro, aalamin ng guro at mag-aaral kung sino ang makatutulong sa kanilang pag-iimpok at pagtitipid. | 1. Balikan ang nakaraang talakayan tungkol sa mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid.<br>2. Magtawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng mga sagot ukol sa mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid.<br>3. Maaaring itanong sa |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pantig na bubuo sa tamang salita.<br>1. Maaaring maging gabay sa pagtatanong ng guro ang mga tanong na nasa ibaba:<br>• Ano ang mga nabuo ninyong salita mula sa larawan o *slide*?<br>• Mahalaga ba ang mga nabuong salita sa inyong buhay?<br>• Bakit ninyo nasabi na mahalaga ang mga nabuong salita sa inyong buhay? | ***CLOSE*** naman kung hindi.<br>Bibigyang paliwanag ng mag- aaral kung bakit o paano makatutulong ang mga ito sa pag-iimpok at pagtitipid,<br>***Slides:***<br>• Magulang<br>• Kapatid<br>• Kaibigan<br>• Kaklase<br>• Guro | | mag- aaral "Madali ba ang pagsasagawa ng mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid?" Ipaliwanag.<br>4. Maaaring itanong ito ng guro sa mag- aaral*:* *"Bakit mahalaga ang pagtitipid o pag- iimpok sa kapuwa at pamayanan?" Ipaliwanag.*<br>*"Maisasakilos ba ninyo ang pagtitipid at pag-iimpok upang tulungan ang kapwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan?"* |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | 1. Ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br>Sabihin:<br>*Sa linggong ito, ating gagawin ang sumusunod:*<br>*a.) Susuriin ang sarili kung maayos na nagagawa ang pagtitipid.* | Sa pamamagitan ng palakpak tayahin ang kahandaan ng mag-aaral. | Sa pamamagitan ng palakpak tayahin ang kahandaan ng mag-aaral. | Sa pamamagitan ng palakpak tayahin ang kahandaan ng mag-aaral. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *b.) Aalamin ang iba't ibang paraan ng pagtitipid at pag-iimpok.*<br>*c.) Tutukuyin ang kahalagahan ng pagtitipid at pag-iimpok sa buhay.*<br>*d.) Matutuklasan ang kahalagahan ng pagtitipid at pag-iimpok sa pamamagitan ng pagsasadula.*<br>*e.) Matutuklasan ang sarili kung paano naisasabuhay ang pagtitipid at pag-iimpok*<br>*f.) Makagagawa ng mga paraan o plano ng pagtitipid at makapagtatala kung paano nila gagamitin ang kanilang ipon*<br><br>2. Sa pamamagitan ng palakpak, tayahin ang kahandaan ng mag-aaral. | | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | 1. Mula sa **Gawain 2** sa *worksheet*, susurin ang inyong sarili batay sa pahayag.Lalagyan ng tsek ang **OO** kung ginagawa ito at **HINDI** | 1. Sa **Gawain 5** sa *worksheet*, ipasusuri kung tama ba ang aksiyong ginawa sa mga sitwasyon.<br><br>2. Pagkatapos, | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | naman kung hindi ito ginagawa. Ipapaalala sa mga mag-aaral na dapat maging tapat sa pagsagot.<br><br>2. Inaasahang maibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang natuklasan. Magkaka- roon ng talakayan at maaaring maging gabay ng guro ang sumusunod na tanong:<br>● Batay sa iyong sagot, ano ang natuklasan mo sa iyong sarili?<br>● Masaya ka ba sa naging resulta ng iyong sagot? Bakit?<br>● Kung bibigyan ka ng pagkakataon na baguhin ang iyong sagot, gagawin mo ba? Bakit?<br><br>3. Isasagawa ng mga mag-aaral ang graphic organizer na nasa Gawain 3 sa worksheet. Ilalagay ng | magkakaroon ng talakayan ukol dito at maaaring maging gabay ang mga tanong:<br><br>a. Ano ang iyong natuklasan batay sa iyong sagot?<br>b. Bakit mali ang ginagawa nina John Paul at Celia?<br>c. Paano makatutulong ang ginagawang pagtitipid at pag-iimpok nina Scarlet, Stephanie at May Ann sa pamayanan at kapwa? Ipaliwanag.<br><br>3. Maaaring talakayin ng guro ang mga **Paraan ng Pag-iimpok at Pagtitipid** na nasa Edukasyon sa Pagpapakatao 9- Modyul 11 "*Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid, at Wastong Pamamahala sa Naimpok*" | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mag-aaral ang kahulugan ng pag-iimpok at pagtitipid.<br><br>4. Sa pamamagitan ng Collaborative learning, ang mga mag- aaral ay magsasagawa ng graphic organizer sa manila paper batay sa worksheet na kanilang ginawa. Matapos, ipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang ginawa sa buong klase upang magkaroon ng masusing talakayan tungkol sa mga natutunan.<br><br>5. Maaaring talakayin ng guro ang kahulugan ng Pag-iimpok at Pagtitipid na nasa Edukasyon sa Pagpapakatao 9-Modyul 11 *"Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok"* | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa/Pag-unawa sa mga Susing Ideya* | 1. Ipababasa ang kuwentong *"Ang Alkansya ni Hannah"* na makikita sa kanilang worksheet, Gawain 4 at pasasagutan ang mga tanong sa mga mag-aaral.<br>2. *Magta-thumbs* up ang mga mag-aaral kung sila ay handa na. | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | 1. Tatalakayin ng guro ang kuwentong binasa ng mag- aaral at maaaring maging gabay ng guro ang mga tanong na nasa ibaba:<br>• Ano ang binigay ng nanay ni Hannah sa kanilang magkakapatid?<br>• Nagawa ba nilang magkakapatid ang mag-impok sa alkansya? Bakit?<br>• May mabuti bang naidulot o biyaya ang ginawang pag-iimpok ni Hannah sa kaniyang alkansya?<br>• Ano ang mabuting naidulot o biyaya nito? | Gamit ang Jigzaw Method, mag-uusap ang grupo tungkol sa isang kilalang tao na nagpakita ng pagtitipid at pag-iimpok sa kanilang buhay. Sa pamamagitan ng pagsasadula, ipakikita nila ang mga positibong resulta ng kanilang mga hakbang.<br>• Ipakikita ng guro ang rubriks para sa pagbibigay ng puntos.<br>• Magkakaroon ng talakayan ukol dito at maaaring gamiting gabay ang sumusunod na tanong:<br>  • Ano ang buod ng naipakitang | TRUTH or CONSEQUENCE.<br>1. Gamit ang larong truth or consequence, hahanap ang mag-aaral ng kapareha.<br>2. Paaaminin ang kapareha kung naisasagawa o hindi ang pagtitipid at pag-iimpok.<br>3. Kapag hindi naisagawa ang pagtitipid at pag-iimpok, kailangan makagawa ng isang kabutihan sa kanyang kapuwa (GOOD DEEDS).<br>Ipaalala sa mga mag-aaral na dapat maging tapat sa pagsagot at iwasan ang magkasakitan.<br>***Slides:*** | 1. Tatawag ng ilang mag-aaral na magboboluntaryo upang ibahagi ang natuklasan sa kapareha.<br>2. Magkaroon ng talakayan at maaaring gawing gabay ng guro ang mga tanong:<br>• Sa inyong palagay posible ba na maisakilos ang ibinahagi ng inyong kapareha upang matulungan ang kapwa at pamayanan ayon sa sariling paraan ng pagtitipid at pag-iimpok? Bakit?<br>• Karapat-dapat ba ang dahilan niya sa pagsasagawa ng pagtitipid at pag-iimpok? Ipaliwanag. |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Sa inyong palagay, magagawa ninyo rin ba ang ginawa ni Hannah na mag-impok sa alkansya? Bakit? | pagsasadula ng bawat grupo?<br>• Ano ang naging bunga ng pagsasagawa ng pagtitipid at pag-iimpok na ipinakita sa pagsasadula?<br>• Anong pagpapahalaga ang natuklasan ninyo?<br>• Kung magagawa niyo na magtipid at mag-impok bilang tagapangasiwa sa biyaya ng Diyos, ano ang mabuting maidudulot nito sa ating pamayanan at kapwa? Ipaliwanag. | - Dumadaan sa *computer shop* para maglaro ng *game* katulad ng *mobile legend*.<br>- Nanonood ng tv habang abala sa social media tulad ng YouTube,reel, tiktok,facebook at iba pa.<br>- Parating nagbubukas ng *refrigerator* kahit wala namang kukunin.<br>- Mas gustong bumili ng pagkain sa fastfood kaysa karinderya<br>- Nanlilibre sa kaklase ng pamasahe.<br>- Bumibili ng gamit kahit hindi kailangan<br>- Mas gusto ang imported na gamit kaysa lokal<br>- Madalas kumain sa labas.<br>- Gumagamit ng shower sa halip na timba at tabo.<br>- Nagbabaon ng pagkain sa halip bumili sa canteen<br>- Iniipon ang tirang barya mula sa baon<br>- Hindi pagpatay ng ilaw kahit umaga na<br>- Inoorder kaagad ang | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pagkain na nakikita sa komersyal<br>- Ayaw maglakad kapag malayo<br><br>4. Pagkatapos ng laro, magkakaroon ng maikling talakayan base sa naging karanasan. Gamitin ang mga tanong bilang gabay sa pagpapaliwanag ng mga natutunan sa laro.<br>• Nasiyahan ba kayo sa laro?<br>• Kilala natin ang mga mag-aaral na nagpakita ng kahusayan at kagandahan ng pag-uugali habang naglalaro.<br>• Ano ang natuklasan ninyo pagkatapos ng laro?<br>• Sa inyong natuklasan, may plano ba kayo na baguhin o panatilihin ito? Bakit? | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | | | 1. Isasagawa ang Gawain 6 sa *worksheet*, ukol sa personal na hakbang upang matulungan ang kapwa at pamayanan | 1. Gamit ang ***Jigzaw Method,*** mag-uusap ang grupo ng kanilang isasadula ukol sa pagsasakilos ng pagtitipid at pag-iimpok upang tulungan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | sa pamamagitan ng pagtitipid at pag-iimpok.<br>2. Maaaring tumawag ang guro ng mag- aaral na boluntaryong ibabahagi ang nagawa. | ang kapwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan<br>2. Ipakikita ng guro ang rubriks para sa pagbibigay ng iskor.<br>3. Magkakaroon ng talakayan ukol dito at maaaring gamiting gabay ang sumusunod na tanong:<br>• Naipakita ba ang pagsasakilos ng pagtitipid at pag- iimpok upang tulungan ang kapwa at pamayanan ayon sa sariling kakayahan?<br>• Nasiyahan ba kayo sa isinagawang pagsasadula? Bakit? |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Itanong:<br><br>"Anong mahalagang aral ang nakuha ninyo sa kuwento?" | Sabihin: Buoin ang pangungusap ayon sa inyong natutuhan sa aralin.<br>"*Ang pagtitipid at pag-iimpok ay nagdudulot ng* ____________________ ____________________ ____________________."."<br><br>*"Mahalagang malaman ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid upang*____________ ____________________ ____________________ ____________________.<br>*"* | Sabihin:"*Ngayong natuklasan ninyo ang kahalagahan ng pagtitipid at pag- iimpok, inaasahan ko na bilang mag- aaral na isasabuhay ninyo ang pagtitipid at pag- iimpok para makatulong sa pamayanan at kapwa bilang tagapangasiwa sa biyaya ng Diyos"* | Itanong:<br>"Ano ang mensahe ng isinagawa ninyong gawain sa araw na ito?"<br><br>Sabihin: "*Ang pagtitipid at pag-iimpok ay maisasabuhay kung ang mga paraan ay maisasagawa. Anuman ang paglalaanan sa isasagawang pagtitipid at pag- iimpok, nawa'y maging makabuluhan ito sa iyong sarili, pamilya, kapwa at pamayanan.*<br><br>Sabihin: Punan ang nawawalang salita batay sa natutuhan sa aralin. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *"Ang pagtitipid at pag- iimpok ay isang malaking hamon sa mga _______________na tulad ninyo. Subalit batay sa ating pinag-aralan,malaki ang maitutulong ng ____________________ng pagtitipid at pag-iimpok hindi lamang sa ___________ maging sa kapwa at pamayanan na ang hangad ay umunlad, higit sa lahat sa Diyos na Lumikha.*<br><br>Sabihin: *"Ang pagtitipid at pag-iimpok ay isang malaking hamon sa mga mag- aaral na tulad ninyo. Subalit batay sa ating pinag-aralan, malaki ang maitutulong ng pagsasakilos ng pagtitipid at pag-iimpok hindi lamang sa sarili, maging sa kapwa at pamayanan na ang hangad ay umunlad, higit sa lahat sa Diyos na Lumikha."* |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | | | | 1. Gumawa ng inyong personal na plano sa pagbabadyet ng baon o sariling pera.<br>2. Ilalagay ito sa *journal notebook.* |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | Takdang-Aralin:<br><br>Magtala ng mga kabutihang maari mong gawin sa iyong kapuwa ng hindi nila nalalaman. | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph